PAHAYAG NG PHILHEALTH
Hinggil sa Panawagan para sa Pansamantalang Tigil-Singil ng Premium Contributions

Marso 31, 2026

Kinikilala ng PhilHealth ang idineklarang State of National Energy Emergency (Executive Order No. 110) at ang mabigat na epekto nito sa kabuhayan ng ating mga kababayan.

Nauunawaan ng Ahensya ang panawagan para sa pansamantalang tigil-singil bilang relief sa publiko. Sa kabila nito, tinitiyak ng PhilHealth na mananatiling walang antala ang pagbibigay ng benepisyo at serbisyong pangkalusugan sa lahat ng miyembro.

Alinsunod sa Republic Act No. 11223, mahalaga ang tuloy-tuloy na premium contributions upang masuportahan ang mga benepisyong ito. Bilang agarang tulong, kasalukuyan nang ipinatutupad ang one-time waiver ng premium penalties para sa mga past-due premiums ng mga employer at self-paying members.

Hinihikayat namin ang mga direct contributors na samantalahin ang penalty condonation scheme na ito upang mapagaan ang kanilang mga gastusin.

Sa kasalukuyan, nakikipag-ugnayan ang PhilHealth sa mga economic managers at naghihintay ng kaukulang gabay mula sa Malacañang hinggil sa iba pang posibleng hakbang.

Tinitiyak namin na ang anumang desisyon ay mananatiling alinsunod sa batas upang mapanatili ang matatag na serbisyo para sa bawat miyembro.

Para sa detalye, tumawag sa
(02) 8662-2588
0998-857-2957 | 0968-865-4670
0917-127-5987 | 0917-110-9812

www.philhealth.gov.ph actioncenter@philhealth.gov.ph PhilHealthOfficial teamphilhealth team_philhealth